# Dalaw: Ang Pagiging Taga-Labas ng mga Magulang sa Kanilang mga Anak na nasa Bahay Pag-asa noong Panahon ng COVID-19

**Justin Francis Leon V. Nicolas, PhD**
**Kristine Analiza P. De Vera, MSW**

**ABSTRAK**

Ang pangunahing bumagabag sa mga ina ng mga Children in Conflict with the Law (CICL) na nakatalaga sa Tanglaw ng Pag-asa sa Bulacan noong panahon ng COVID-19 ay kung paano nila madadalaw ang kanilang anak. Ito ang natuklasan noong bumuo ng modelo ng praktis sa gawaing panlipunan sa pamamagitan ng gradwadong field instruction ng Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman. Binalikan ng mga mananaliksik ang datos na nakalap noong field instruction mula sa aktwal na pakikipanayam sa mga magulang ng CICL, social workers, at mga bata, maging ang mga journals at at mga repleksyon noong mga supervision sessions. Nilayon ng pag-aaral na suriin ang pakahulugan ng mga magulang sa salitang "Dalaw" at ilarawan ang mga karanasan ng mga ina ng CICL noong panahon ng pandemya hinggil sa hirap ng pagdalaw sa kanilang mga anak. Gamit ang Malikhain at Kritikal na Penomonolohiya, na halaw sa penomonolohiya at kritikal na realismo, inilapat ng mga mananaliksik ang mga pakahulugan ng mga magulang sa "Dalaw" sa mga teorya ng social support at pagiging iba, sa balangkas ng pagiging malikhain at ang pagbuo ng mga asembliya base sa Lugar, Panahon, at Pangyayari upang muling maisalarawan at makabuo ng balangkas ng pagsasateorya ng konsepto ng Dalaw.

Ang mga pakahulugan ng mga kalahok sa pananaliksik sa salitang "dalaw" ay nahahati sa tatlong kategorya: 1) bilang katangian ng isang indibidwal o grupo ng tao na karaniwang taga-labas; 2) bilang kumakatawan sa kabutihan o benepisyong dulot ng dalaw; at 3) bilang bahagi ng proseso ng kaayusang lipunan (social arrangements) sa tuwing may napapasok na kapamilya sa isang Total Institution at nahihiwalay ang isang kaanak. Ang mga tugon ng mga magulang at mga CICL ay naglalaman ng mga salita na nagpapahiwatig ng restriksyon o pagkakalayo o pagkakaroon ng distansya. Sa pagsusuri ng konteksto, ng lugar at panahon, nakita na ang mga ilang pangyayari ay naging mekanismo upang mabuo ang pagtingin ng mga ina bilang dalaw na taga-labas. Ngunit, ang mga pangyayari rin na nagpakilala ng mga alternatibong pamamaraan ang siyang naging mekanismo para sa social support at mabuo ang pagkakilanlan ng mga dalaw bilang mga ina na nagibibigay suporta sa kanilang mga anak.

Mga susing salita: *Pagiging-iba ng mga ina; dalaw; modelo ng praktis sa gawaing panlipunan; online na pamamaraaan ng dalaw; alternatibong pamamaraan ng case management*

## Panimula

Ang pandemya buhat ng COVID-19 ay nagpabago sa pamumuhay ng bawat tao sa napakaraming bansa. Isa ang Pilipinas sa patuloy na nakakaranas ng mga epekto at mga pagbabagong hatid ng nasabing sakit mula Enero taong 2020 (Edrada et al., 2020). Buhat nito, naglabas ang administrasyon ng mga panuntunan upang manatiling malusog at ligtas ang bawat mamamayan. Sa mga ina ng mga batang inilagak sa mga Bahay Pag-asa dahil sa diumanong krimen na kanilang nagawa, masakit ang mahiwalay sa anak lalo pa sa panahon ng di-katiyakan. Patong-patong na pasanin ang dala ng pagkakahiwalay sa anak dahil kasabay nito ang distansyang dulot ng pandemya, at ang negatibong konotasyon ng pagkakaroon ng anak na nasangkot diumano sa krimen.

Ang akademya ay hindi rin nakaligtas sa mga pagbabagong nabanggit na nagbunsod sa *remote mode of learning* o paggamit ng teknolohiya sa pagkakatuto bilang alternatibo sa *face-to-face* o tradisyunal na moda ng interaksyon sa klase. Naging mapanghamon ito sa bawat akademikong institusyon tulad ng Kolehiyo ng Gawaing Panlipunan at Pagpapaunlad ng Pamayanan sa Unibersidad ng Pilipinas, partikular sa *Field Instruction Program* na karaniwang isinasagawa sa ahensya o komunidad habang patuloy na nakikipagsalamuha sa bawat indibwal, pamilya o grupo at komunidad. Kaugnay nito, inaasahang makabuo ang mga mag-aaral ng gawaing panlipunan sa gradwadong antas ng mga modelo ng praktis at interbensyon na tinuturing na mapagbuo *(integrative)* at makabagong-isip *(innovative)*.

Ang pagaaral na ito ay hango sa datos na nakalap mula sa pagbuo ng modelo sa kursong SW 287 o Field Instruction sa gradwadong lebel. Ang modelo, na unang tinawag na *FamBaM model* (De Vera, 2022), ay nabuo ng mga mananaliksik bilang alternatibong tugon sa kawalan ng dalaw sa panahon ng pandemya sa pagitan ng mga magulang at kanilang mga anak na Children in Conflict with the Law (CICL) sa loob ng Tanglaw ng Pag-asa Youth Rehabilitation Center, isang Bahay Pag-asa sa Bulacan. Bagamat hindi tinatalakay sa artikulong ito ang kabuuan ng modelo ng praktis, tinalakay naman dito ang tatlong alternatibong interbensyong inaakala ng mga mananaliksik na may kaugnayan sa alternatibong pamamaraan ng dalaw: ang (1) panunumbalik ng komunikasyon sa pagitan ng ina at CICL sa pamamagitan ng online na kumustahan; (2) ang patuloy na pagbibigay ng *psychosocial support* sa mga CICL at mga magulang; at (3) alternatibong pamamaraan sa *home visitation* para sa pagpapatuloy ng proseso ng *case management*.

## Paglalahad ng Suliranin

Ang paglaganap ng COVID-19 sa Pilipinas ay nagresulta sa mahigpit na protocol at sunod-sunod na *lockdown* na nakaapekto sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga mamamayan. Patunay nito ang mga kinahaharap na suliranin ng mga kabataan sa mga Bahay Pag-asa na kinailangang pansamantalang mawalay sa kanilang mga magulang dahil sa diumanong krimen na kinasangkutan nila. Nagbunga ito ng paudlot udlot o *delay* na *court hearings* dahilan upang mas lalong mapatagal ang pananatili ng mga kabataan sa Bahay Pag-asa at paglimita sa pagbisita ng mga mahal sa buhay (Bumanlag, 2023; Malaguit, 2021). Ito ay nagdulot hindi lamang ng pisikal na kasakitan sa katawan ngunit lalo't higit sa *mental* at sikolohikal na kalagayan (Kahambing, 2020) sa mga kabataan.

Ang nabanggit na mga suliranin dala ng COVID-19 ay lumabas rin sa pakikipanayam ng mga mananaliksik sa mga magulang, mga anak na CICLs, at mga *social worker* at kawani sa Tanglaw

ng Pag-asa Youth Rehabilitation Center. Pinalalá ito nang tumigil pansamantala ang ilang serbisyo dahil sa pagkakasakit ng mga kawani at mga CICLs ng COVID-19. Nagbunga ito ng agam-agam at pag-aalala sa mga magulang sa labas ng ahensya. Isa sa lumutang na suliranin ay ang isyu tungkol sa"dalaw" at kung paano makakakuha ng impormasyon tungkol sa kalagayan ng kanilang mga anak noong inihinto ng ahensya ang pagtanggap ng dalaw bilang pagsunod sa alituntunin ng Inter Agency Task Force (IATF) at ng administrasyong lokal sa lalawigan ng Bulacan. Ang restrikyon sa dalaw ang nagdulot suliranin sa makabuluhang pagkikita ng magulang at mga bata, sa pagdalaw ng social workers sa mga magulang, at maging sa epekto nito sa lusog-isip ng mga CICL at kanilang mga ina at magulang.

Ang pag-aaral na ito ay bunga ng adhikain ng Departamento ng Gawaing Panlipunan sa Unibersidad ng Pilipinas ng paghalawan ang mga karanasan sa Field Instruction ng *theorizing* at *knowledge creation*. Sa ganoong kaugnayan, ang pag-aaral ay naglayong maabot ang mga sumusunod:

1. Suriin ang pakahulugan ng mga magulang sa salitang "Dalaw"
2. Ilarawan ang mga karanasan ng mga ina ng CICL noong panahon ng pandemya hinggil sa hirap ng pagdalaw sa kanilang mga anak
3. Ilapat ang balangkas ng pagiging malikhain sa pagbuo ng balangkas ng pakahulugan ng mga magulang sa "Dalaw"
4. Makabahagi sa pagbuo ng teorya ng Lugar, Panahon, Pangyayari, at Pagkilos kaugnay sa identidad ng mga magulang bilang "Dalaw"
5. Bumuo ng balangkas ng muling pagsasalarawan at pagsasateorya ng konsepto ng "Dalaw"

**Pagsiyasat ng Kaugnay na Literatura**

Mayroong isang grupo ng mga artikulo na kung tawagin ay mga pananaliksik hinggil sa dalaw o *visitation research*. Subalit, kapag gumamit ng search terms na "visitation," "CICL," or "young offenders," lumalabas ang mga pag-aaral na tungkol sa mga karanasan sa bilangguan. Maging ang mga pag-aaral tungkol sa mga *juvenile offenders* ay tinatawag silang nakakulong *(incarcerated)* o mga bilanggo *(prisoners)* (hal. Young & Hay, 2020). Ayon sa RA 9344, hindi dapat isama ang mga bata sa bilangguan kundi dapat ay dumaan sa naaayon na interbensyon o dumaan sa proseso ng dibersyon. Ito ang pinakadiwa ng nagpapanumbalik ng hustisya *(restorative justice)* kung saan nagbabalik-loob ang bata sa komunidad at nagiging bahagi sa paghilom ng mga sugat ng mga biktima. Subalit, ayon sa Supreme Court Revised Rule on Children in Conflict with the Law (2019), ang katagang "in conflict with the law" ay binibigyang kahulugan na ang bata ay nasa kustodiya o detenido o kinasuhan ng dahil sa aktong labag sa batas. Sila ay tinuturing na detenido sa Youth Rehabilitation Home or Youth Detention Home. Dahil kaunti lamang mga pag-aaral hinggil sa dalaw sa mga CICL, ang mga pag-aaral hinggil sa dalaw sa bilangguan ang pinakamalapit na kaugnay (proxy) na mga pag-aaral na nagbigay ng mga konseptong magagamit sa pag-aaral na ito.

Nahahati sa dalawang bahagi ang pagsiyasat ng literatura. Una, tinatalakay dito ang mga kabutihan ng dalaw sa lusog-isip ng mga taong napagkaitan ng laya. Tinatalakay naman sa huling bahagi ang mga pakikibaka at ang pighati ng mga ina bilang mga babae at kung paano sila pinapaging-iba ng lipunan.

**Dalaw bilang Panlipunang Suporta**

Ayon sa pag-aaral ni Meyers at ng kanyang mga kasama (2017), maaaring may kaugnayan ang kalidad ng dalaw sa pagpapaunlad ng relasyon sa pamilya at ang kanilang positibong pagtingin sa maaaring matanggap na suportang sosyal *(social support)* kapag lumaya na sila na mula na rin sa naranasan nilang suporta mula sa pamilya at kaibigan habang sila ay nasa loob ng kulungan o institusyon. Ayon sa Social Support Theory (Cullen, 1994; Cullen et al., 1999), ang tuwiran o di-tuwiran na suporta mula sa pamayanan, mga kaibigan at *social network* ay isang mabisang paraan para mabawasan ang krimen, taliwas na pag-uugali *(deviant behavior)*, o muling paggawa ng krimen. Kadalasang akma ang *Social Support Theory* sa mga CICL dahil mas nangangailangan ng suporta ang mga anak kaysa sa kabaligtaran nito. Ayon kay Cullen (1994), ang pagbibigay ng emosyonal, instrumental, at impormasyonal na suporta ay maaaring maging dahilan upang mabawasan ang paggawa ng taliwas na gawain at ng krimen sa pamamagitan ng dalaw (Kort-Butler, 2017). Ayon naman sa pag-aaral ni Bulatao (2023), ang isang positibong support system ay nagdudulot ng pagkakaroon ng pag-asa sa mga CICL, at malaki ang bahagi ng pamilya sa suporta na ito. Ang mga ina ay nagbibigay ng emosyonal na suporta sa kanilang mga anak at ang mga kasama sa bahay at pamayanan ay maaaring gumawa ng mga bagay upang makadalaw ang mga ina sa kanilang mga anak. Ito ang instrumental na suporta.

Ayon sa *stress and coping* na perspektiba ng panlipunang suporta, nakakatulong ang dalaw sa kalusugan ng bata at magulang dahil nakakabawas ito ng *stress*. Ayon naman sa *social constructionist* na pananaw, nakakatulong ang dalaw upang magkaroon ng positibong pagtingin sa sarili at *self-esteem* ang mga bata. Ayon naman sa *relationship* na perspektiba, ang suporta ay sabay na nangyayari dahil sa pagiging malapit at mahusay na relasyon ng magulang at ng bata (Lakey & Cohen, 2000). Gamit ang tatlong perspektibang ito, makikita ang mga benepisyo ng dalaw.

**Benepisyo ng Dalaw bilang Panlipunang Suporta**


Ayon kina Young at Hay (2020), ipinapakita ng mga pananaliksik ang kahalagahan ng dalaw at positibing epekto nito sa lusog-isip, sa pag-*adjust sa confinement*, at sa tagumpay sa kanilang paglisan sa institusyon (p. 54). Sa pangkalahatan, ang dalaw ay nakakatulong sa mga CICL upang mabawasan ang maling gawi *(misconduct)*, pag-unlad ng kanilang *mental* na pagganap, at upang mabawasan ang recidivism o muling paggawa ng krimen (Cochran et al., 2020; Young & Hay, 2020).

Sa iba't ibang pag-aaral, ang dalaw ay nagdudulot sa mga bilanggo ng mga sumusunod na kabutihan:

1. Ang dalaw ay isang pamamaraan para makaranas ang mga taong pinagkaitan ng laya ng makabuluhan panlipunang interaksyon at maramdaman na bahagi pa rin sila ng pamayanan (Arditti, 2003; Meyers et al., 2017; Young & Hay, 2020; Brunton-Smith & McCarthy, 2017);
2. Mapanatili ang koneksyon sa komunidad (McNeeley & Duwe, 2020);
3. Pagkabawas ng pagkakaroon ng pakiramdam ng *tension* at alyenasyon (Cochran & Mears, 2013);
4. Nakakatulong upang umunlad ang lusog-isip at maging ang pisikal na kalusugan (Visher & O'Connell, 2012);
5. Nakakatulong na maibsan ang pagka-buryong sa institusyon (Turanovic & Tasca, 2019; 2022);

6. Nakakapagpabawas ito ng maling gawain (Cochran, 2012; Siennick et al., 2013; Meyers et al., 2017); at
7. Nakakapagpabawas ng pagbalik sa muling paggawa ng krimen *(recidivism)* (McNeeley & Duwe, 2020; Meyers et al., 2017; Mitchell et al., 2016).


Pinapakita sa Pigura 1 ang mga benepisyo ng dalaw bilang panlipunang suporta sa mga CICL.




**Pigura 1. Benepisyo ng Dalaw bilang Panlipunang Suporta**

*Mga Salik na Nakakaapekto sa Pagdalaw ng Pamilya*

Ayon kina Young at Hay (2020), karamihan ng mga *vistation studies* ay tumatalakay sa mga karanasan ng mga *adult offenders*. Kung kaya nagsimula sila ng pag-aaral na magsisiyasat sa mga *predictors* ng dalaw sa mga batang *offenders* or mga CICL (hindi ginamit nila Young at Hay ang terminong CICL). Ayon sa kanilang pag-aaral, may kinalaman sa uri ng dalaw ang kulay ng balat at kung dati nang nakagawa ng krimen ang bata. Sa kanilang pagsusuri, mas madalang ang dalaw ng mga itim at ng mga batang dati nang napasok sa institusyon dahil sa paggawa ng krimen. Ang iba pang *predictors* ay ang kita *(income)* at layo *(distance)* ng tirahan sa lugar kung saan nilagak ang bata. Habang lumalaki ang kita ng pamilya ay mas dumadalas ang dalaw. Mas dumadalang naman ang dalaw kung malayo ang tirahan ng pamilya. Ayon kay McNeeley at Duwe (2020), ang layo ng distansyang kailangang lakbayin para makadalaw sa piitan ay isang salik upang bumaba ang kalidad ng dalaw na kaugnay sa pagtaas ng pag-ulit ng paggawa ng krimen. Halimbawa, dumalang ang bisita ng mga magulang sa RRCY sa Cebu dahil sa layo ng pasilidad sa kanilang mga tirahan (Save the Children UK Philippine Programme, 2004). Subalit, pinaliwanag nila McNeeley at Duwe (2020) na sa mga kapamilya na nakakadalaw pa rin kahit malayo ang pinangagalingan, nagdudulot ito ng inspirasyon para sa nakapiit at nagbibigay ng motibasyon na magbago. Ipinapakita sa Pigura 2 ang iba't ibang salik na nakaka-apekto sa pagdalaw ng magulang sa mga CICL.




**Pigura 2:** *Mga Salik ng Dalas ng Dalaw ng Pamilya sa CICL*

Dagdag pa dito, habang nagtatagal ang bata sa institusyon, dumadalang na rin ang dalaw marahil dahil sa naaapektuhan na ang relasyon sa pamilya at nahihirapan na sila sa pinansyal na aspeto (Young & Hay, 2020). Ibig sabihin, nag-iiba ang pagkakasunod-sunod ng dalaw *(visitation sequence)*. Minsan ay madalas sa panimula at sa gitna, ngunit hindi na nagtutuloy ang dalaw sa huli. Mayroon ding madalang o walang dalaw sa simula pero nakakabawi na sa gitna at sa huling yugto ng pagtira sa institusyon (Young & Hay, 2020). Nabanggit na balakid sa pagdalaw ang kakulangan sa kita ng pamilya at maging ang layo ng tirahan ng pamilya sa pasilidad, ngunit hindi pa naisama dito ang balakid ng restriksyon ng pandemya.

Bagamat may batas na naglalayong huwag ikulong ang mga bata, ang mga institusyong itinayo para sa kanilang pagreporma tulad ng Bahay Pag-asa, at iba pang pansamantalang tirahan para sa mga batang inaakusahang nakagawa ng krimen, ay mga lugar kung saan nilalagak ang mga kabataan at upang ilayo pa rin sila sa karamihan sa lipunan. Dahil ang kanilang pagtira sa mga institusyong ito ay tinuturing na "involuntary" o sapilitan, sapilitan din ang kanilang pagkakahiwalay sa kanilang mga magulang, tagapag-alaga, at mga kapatid. Ang dalaw ay isang manipestasyon ng suporta ng lipunan sa pamamagitan ng kanilang mga magulang. Ang pagpapakita ng kagustuhan ng mga magulang na bumisita at magdala ng pagkain at gamit sa kabila ng restriksyon ng COVID-19 ay maaaring magbigay ng inspirasyon sa kanilang mga anak na umiwas sa maling gawain. Ang pandemya ay mas higit pang malaking balakid sa pagdalaw kaysa sa distansya o layo ng lugar. Bagamat hindi layunin ng pag-aaral ang sukatin ang uri ng dalaw, magagamit ang Social Support Theory bilang paunang basehang teorya na kaugnay ng dalaw.

## Pagiging-ina ang Kahulugan ng Dalaw

Ayon sa ilang mananaliksik, nabawasan ang mga pananaliksik tungkol sa pagiging-ina bilang tema sa peministang pananaliksik nitong bagong siglo (Kawash, 2011; Miller, 2020). Kaugnay dito, maraming matatagpuang artikulo na tumatalakay sa mga ina na nakagawa ng krimen at nahiwalay sa anak dahil sa kanilang pagkakakulong, ngunit kulang sa mga pag-aaral tungkol sa pagiging-ina habang ang anak na bata naman ang nasa loob ng institusyon. Dahil sa kakuntian ng mga pag-aaral hinggil sa dalaw at sa pagiging-ina, mahalaga na maipakita ng mga mananaliksik ang mga natuklasan hinggil sa dalaw at pagiging ina, mula sa hinalaw na datos sa pagbuo ng modelo ng praktis para sa gawaing panlipunan, upang makadagdag sa literatura hinggil sa mga ina ng CICL.

**Ang Estado ng Pagiging Ina sa Kasaysayan**

Bagamat nagdudulot ng ibayong kagalakan ang pagiging ina, makikita sa kasaysayan na ang pagbubuntis bilang ebidensya ng pagnanasang sekswal na hindi maihihiwalay sa katawan ng ina bilang nagdadalangtao o "corporeality of pregnancy," ay naging dahilan ng mas mababang tingin sa kababaihang nabuntis (Leskošek, 2011). Nabigyan sila ng estado na tagadala ng anak ng mga kalalakihan. Maging ang pagbubuntis ng walang asawa ay itinuring na kasalanan at pagiging mababang-uri ng kababaihan (Leskošek, 2011).

Sa mundo ng krimen, nagkaroon ng mga pag-aaral na sinisisi ng publiko ang mga ina ng gumawa ng mga kagimbal-gimabal na krimen tulad ng pamamaril sa mga paaralan (Melendez et al., 2016). Halimbawa, pinakita ng pag-aaral nila Vujović at Mijanović (2013) na ang pagiging agresibo ng tatay, ang pagpapabayang emosyonal ng ina, at ang mga kontradiksyon sa pamamaraan ng pagdidisiplina ay mga salik sa taliwas na gawi ng mga bata. Mula sa mga pag-aaral na ito, kumalat ang kaisipan na kasalanan ng magulang, lalo pa na nagpapakitang sinisisi ng lipunan ang mga ina sa pagka-abuso ng kanilang mga anak (Fentiman, 2017). Ayon sa *baseline study* ng Council for the Welfare of Children (CWC) at UNICEF (2016) hinggil sa karahasan laban sa mga bata sa Pilipinas, ang ilang ina ay nagiging mapang-abuso rin at dahil dito hindi malayo na masisi ang mga ina para sa mga maling gawain ng kanilang mga anak. Masasabi na ang pagkasangkot ng isang anak sa krimen ay nagdudulot ng komplikadong *stressors* sa buhay ng isang ina. Kasama dito ang pisikal, sikolohikal, relasyonal, sosyal at eonokimong mga epekto, lalo pa ang istigma ng lipunan at ang epekto sa relasyon ng ina at anak (Sturges & Hanrahan, 2011, p. 395).

Ang pagtingin sa kababaihan bilang mga natural na "maalaga" (Alfandry, 2020, Talata 13) ay makikita sa kung paanong hanggang sa kasalukuyan ay inilalagay ang kababaihan sa pangdomestikong gawain o r*eproductive work*. Makikita ito sa pagturing sa ina bilang pangunahing tagapangalaga sa kanilang mga anak at sa mga gawain o propesyon na may kinalaman sa pagkalinga (Alfandry, 2020; Tongson, 2019). Sinasabing sa makabagong panahon ay hindi na ikinukulong ang mga kababaihan, o sa pag-aaral na ito, ang mga ina ay hindi na nakatali lamang sa tahanan at gawaing bahay dahil nakikita na rin ang ina bilang tagapagtaguyod sa pang-araw-araw na pangangailangan bunsod ng kanyang trabaho na pinagkakakitaan *(productive work)*. Ngunit kung lilimiin, hindi pa rin naiwawaksi nang tuluyan ang stereotipikong pananaw sa babae bilang tagapangalaga sa tahanan. Sa akda ng ILO International Training Centre (2008), tinatawag itong "triple role" (Moser, 1993), ang paggampan ng kababaihan sa *productive work, reproductive work* at *community work* nang sabay-sabay. Ginagampanan ng kababaihan o ina ang *productive work* dahil nagkaroon na siya ng pakikilahok sa trabahong binibigyan ng karampatang sahod o sweldo dahilan para makapagsampa siya ng pera sa tahanan. Kaalinsabay nito ay ginagampanan pa rin ng ina ang kanyang mga nakasanayang gampanin sa tahanan tulad ng pag-aalaga ng anak (o magulang) at paglilinis ng bahay kahit pa siya ay buhat rin sa trabaho. Sa huli, babae rin ang laman ng pangkomunidad na gawain o nagiging boluntaryo sa pag-aalaga sa komunidad na kinabibilangan. Kung gayon, masasabing bagama't nagkaroon ng pagkakataon na magtrabaho at kumita ang babae, hindi pa rin naiaalis ang konotasyon ng ina bilang tagataguyod ng tahanan o sa ganitong pag-aaral tagapangalaga ng kanilang anak. Maliban sa pagiging ina, ang mga ina na buhay pa ang mga magulang ay maaaring nag-aalaga rin ng kanilang mga magulang. Tinalakay ni Tongson (2019) ang *phenomenon* ng "sandwich generation" kung saan ang mga kababaihan ay may mga gampaning trabaho na walang sweldo *(unpaid labor)* tulad ng pag-aalaga ng kanilang mga anak habang nag-aalaga rin ng kanilang mga magulang. Sa ibang mga literatura tinatawag din itong "multiple burden." Naiulat na tumindi

ang "multiple" at "complex" *burdens* ng mga kababaihan noong panahon ng pandemya (COVID-19 crisis; Rivera et al., 2021). Sa perspektiba ng Panlipunang Suporta, ang pagpapagal ng mga ina ay instrumental na suporta upang makadalaw ang ibang miyembro ng pamilya habang ang ina mismo ang nagbibigay ng emosyanal na suporta sa bata (Kort-Butler, 2018).

**Ang Pagiging Iba**

Kadalasan na tinuturing ang ina bilang makabuluhang iba *(significant other)* ng isang anak. Sa isang bata na nagiging katunggali ng batas, nananatili ang pagiging makabuluhang iba ng ina, lalu pa at dapat ibalik sa magulang ang mga CICL sa halip na ilagak siya sa isang institusyon. Subalit, kapag ang bata ay ipinasok sa Bahay Pag-asa, nagkakaroon ng limitasyon ang komunikasyon sa pagitan ng magulang at ng anak. Inaangkin ng estado ang kustodiya at pangangalaga sa bata (Supreme Court Revised Rules for CICL, 2019). Pinalala pa ito ng COVID-19 kung saan nalimitahan ang pisikal na pagdalaw sa Bahay Pag-asa dahil sa restriksyon na pinatupad din ng pamahalaan (Bumanlag, 2022; De Vera, 2022). Nilalayon ng estado na ihiwalay ang CICL sa kalakhang bahagi ng lipunan para sa seguridad nito. Subalit, ang mga magulang ay tinuturing din na "iba" o bahagi ng kalakhang lipunan, dahil sa paglagak sa institusyon ng mga CICL. Kasama ang mga ina sa mga nasa-labas ng bakuran ng Bahay Pag-asa, na nananatiling hiwalay sa kanilang mga anak. Ayon sa post-modernong peminismo, maaaring tutulan ng isang babae ang mga gawing pinapataw ng patriyarkal na lipunan sa pangkalahatan, taliwas sa konsepto ni De Beauvoir (2009/1949) na ang pagiging iba ng isang babae ay isang estado na dapat niyang lampasan (Mahoney, 1996).

Ayon naman kay Zygmunt Bauman (1991), produkto ng isang dikotomiya ang pagiging iba. Ang "pangalawang tao" ay itinuturing na iba at mas mahina sa "unang tao." Ang mga CICL na nasa Bahay Pag-asa ay parang mga ikalawang tao na hinihiwalay sa lipunan, pansamantalang inaalisan ng laya na makihalubilo sa lipunan. Ngunit, ang mga magulang ay tinuturing din naman na mga taga-labas at hindi maaaring pumasok na kasama ng kanilang mga anak sa Bahay Pag-asa. May ikalawang antas ng pagiging iba ng isang ina kung saan, sa halip na ituring siya na mahina o "inferior," itinuturing ang mga magulang, lalo pa ang mga ina, na "alien" o hiwalay (Brons, 2015). Sila ay mga taga-labas, mga dalaw lamang sa Bahay Pag-asa. Nangyayari ang pagdidistansya ng pagiging ina dahil hindi niya magampanan lahat ng tungkulin bilang isang magulang. Sang-ayon ito sa teorya ni Lacan (1977/1982; 1979; tignan din si Žižek, 2006) kung saan ang mga ina ay tinuturing na bahagi ng "Big Other.." Dahil sa iba ang lengguwahe at mga simbolo sa loob ng Bahay Pag-asa, ang mga ina ay hindi bahagi ng mundong ito. Sila ay mga dalaw lamang. Dahil dito, nabubuo rin ng pagdidistansya sa pagitan ng magulang ang anak sa pamamagitan ng isang *Total Institution* (Brons, 2015; Goffman, 1961). Ito ay isang sopistikadong uri ng pagiging iba kung saan ang identidad ng ina ay maituturing na taga-labas habang ang identidad ng pagiging taga-loob ng CICL ay hinihiwalay sila sa kalakihan ng lipunan.

Dahil dito, nagpapatong ang *multiple burden* bilang babae as tripleng pasanin na dala bilang mga magulang ng CICL, na makikita sa Pigura 3: ang mahiwalay sa kanilang anak, ang kahirapan ng pagdalaw sa kanilang anak dahil sa pandemya, at ang paninisi ng lipunan o istigma sa kanila bilang hindi mabuting magulang o pagkakilanlan bilang ina ng isang CICL (ayon sa Teorya ni Goffman, 1963/1986).




**Pigura 3.** *Balangkas ng Pagiging-iba ng Ina bilang Dalaw*

## Pamamaraan ng Pag-aaral

### Malikhain at Kritikal na Penomenolohiya

Sa pagbabalik-aral ng mga makabagong-isip na interbensyon sa pamamagitan ng modelong nabuo noong internship, ginamit ng mga mananaliksik ang Balangkas ng Pagiging Malikhain sa Gawaing Panlipunan (Creativity in Social Work Framework, Nicolas, 2019) at ang balangkas ng mga sistema sa paglikha ng kaalaman (Knowledge Creation Systems, Nicolas 2022) bilang balangkas sa pagsusuri. Ayon sa mga balangkas na ito, ang mga makabagong-isip na interbensyon ay nagmula sa mga kaalaman mula sa mga kliyente, komunidad, dalubgurong tagapangasiwa sa larangan, tagapangasiwa sa ahensiya, sa gradwadong magaaral, at maging sa mga teorya ng gawaing panlipunan at mga teoryang ginagamit para sa gawaing panlipunan. Ang pagbuo ng bagong kaalaman ay bunga ng kolaborasyon ng mga kliyente, komunidad, at komunikasyon ng mga iba't ibang *actor* sa praktis (Nicolas, 2019). Lumalawak ang hangganan ng disiplina ng gawaing panlipunan sa pamamagitan ng pagiging malikhain ng mga miyembro ng larangan ng gawaing panlipunan (Nicolas 2016). Nabubuo ang mga solusyon sa pamamagitan ng pakikipagtalastasan ng manggagawa sa mga kliyente at ng tagapangasiwang dalubguro at ng gradwadong magaaral at maging sa mga manggagawang panlipunan sa ahensyang panlipunan. Sa ganitong paraan, tinitignan ng mga mananaliksik na ang uri ng pagiging malikhain sa pagbuo ng modelo sa praktis ay kalát o nakabahagi *(distributed)* at hindi nakasalalay sa pagiging dalubhasa o sa kaalaman lamang ng propesyonal na manggagawang panlipunan. Dahil dito, tinuturing din ang mga kliyenteng kalahok sa pananaliksik na mga kapwa mananaliksik dahil kasama silang humahanap ng sagot sa kanilang mga katanungan.

Mayroong bahagi ng kanilang realidad na hindi pa nila alam (halimbawa ay ang kalagayan ng kanilang mga anak noon panahon ng COVID-19). Kung kaya nga, gumamit din ang mga mananaliksik ng isang kritikal na realistikong pagtingin sa penomolohiya ng pagkakahiwalay ng mga anak at magulang sa panahong maging katunggali ng batas ang mga bata. Sinunod ng mga mananaliksik ang realistikong pamamaraan ng pagpapaliwanag ng lipunan (Danermark et al., 2002) na hango naman sa mga sulatin ni Bhaskar (2008; 2014) na naging basehan ng kritikal na realismo. Ayon kay Bhaskar, ang realidad ay baha-bahagdan *(stratified)* at binubuo ng mga

bagay na totoo pero hindi-tuwirang nararanasanan, at ng mga tuwirang nararanasan na mga pangyayari. Kaya naman, hindi lahat ng totoo ay nasa kamalayan ng isip ng tao, ngunit totoong nagaganap. May mga bagay na tunay na lingid sa kaalaman ng tao *(intransitive)* ngunit nangyayari o umiiral *(existent)*. Dahil dito, may mga pangyayaring hindi pa nararanasan ng mga tao, ngunit nangyayari, at may mga istrakturang nagdudulot nito *(causal structures)* na kapag naisakatuparan ay magdudulot ng pangyayaring tunay. Ang realidad ay binubuo ng isang bukas na sistema kung saan madaming dahilan ang maaaring pagmulan ng isang pangyayari at mayroong mga mas malaking kadahilanan na mas kompleks at hindi maaaring ituring na simpleng kadahilanan lamang. Ito ang pinagmumulan ng tinatawag na *emergence*. Maraming kadahilanan ang nagtutulak sa isang bata na makagawa ng krimen. Marami ring kadahilanan ang pinagmumulan ng hindi pagkakaunawaan ng mga miyembro ng pamilya. Ang mga istraktura ng lipunan at mga institusyon ay maaaring panggalingan ng ilan sa mga kadahilanang maaaring magsimula o magpalala ng sitwasyon sa isang relasyon.

**Metodo ng Pagkalap ng Datos**

Ang aktwal na pagkalap ng datos ay naganap noong SW 286 - SW 287 Field Instruction mula Pebrero 2021 hanggang Enero 2022. Sa panahong ito nakapanayam ang mga magulang ng CICL, ang mga *social workers* at kawani, at maging ang mga bata. Sa panahon ding ito nabuo ang relasyong pampangasiwaan sa pagitan ng guro at gradwadong magaaral sa layong makapagpakilala ng mga makabagong modelo ng praktis. Ang pamamaraan ng pangagasiwa ay *online* at ang pamamaraan din ng pakikibahagi sa mga kalahok ay *online*. Sa mga sesyong pangagasiwa naganap ang pagpaplano at pagpipino ng modelo. Iniulat ang resulta ng Field Instruction sa pamamagitan ng Integrative Paper para sa SW 286 sa pagtatapos ng Ikalawang Semestre noong AY 2020-2021 at ng SW 287 Integrative Paper sa pagtatapos ng Unang Semestere ng AY 2021-2022. Ang pangunahing pamamaraan na ginawa ng mga mananaliksik ay ang pagbabalik-tanaw sa karanasan sa Bahay Tanglaw at ang pagsusuri ng nilalaman ng Integrative Paper sa SW 286 at SW 287 at mga *journals,* ang muling pagsilip sa mga datos na nakalap noong mga panahon na ito, at ang pagbalik-tanaw sa mga repleksyon tuwing panahon ng superbisyon. Ang unang pagbabalik-tanaw ay noong 2022, bilang paghahanda sa presentasyon sa kumperensiya ng Pambansang Samahan ng Sikolohiyang Pilipino (PSSP). Ang ikalawang antas ng pagbabaliktanaw ay naganap nitong 2023.

Sa unang pagkakataon mula pa noong *internship,* binalikan ng mga mananaliksik ang mga tema na nabuo noong panahon ng internship. Sa pagkakataong ito, muling tinignan ng mga mananaliksik ang datos at namili sa mga magulang na node (parent nodes) tulad ng "Dalaw," "Hustisya," "Pagkakasundo," "Pagbabati," at maging "Pagpapasa-Diyos" o "Pananalig sa Diyos." Dahil pinakahigit ang bilang ng salitang "dalaw" bilang node, dito nag-pokus ang mga mananaliksik. Maihahalintulad ito sa *theoretical sampling* sa *grounded theory.* Ang pagpino ng mga kategorya na lumabas sa pagsusuri ay siyang gagamitin sa pagsasateorya (Charmaz, 2006; 2014). Sa ikalawang antas ng pagbabalik-tanaw, binuo ng mga mananaliksik ang paunang pagsasateorya sa dalaw.

**Ang Pag-aanalisa at Paglalapat ng Teorya**

Kasang-ayon sa realistikong lapit, gumamit ang mga mananaliksik ng lohikang abdaktib *(abductive logic,* salin ng may akda) para bigyang kahulugan ang mga temang nabuo at mga anak na nodes ng mga tema. Ang manu-manung *coding* ay kinumpara sa mga nodes na ginamit at mga temang lumabas gamit ang NVivo 12 Plus. Bagamat mayroon nang paunang pagsisiyasat ng kaugnay


na literatura noong panahon ng *internship*, muling binalikan ng mga mananaliksik ang literatura upang mangalap ng kaugnay na teoryang hinggil sa dalaw, hustisya, at pagkakasundo. Ang mga teoryang ito ang naging basehan ng muling pagsasalarawan ng teorya *(theoretical redescription)* matapos na makabuo ng mga temang kaugnay sa dalaw. Sunod sa Malikhain at Kritikal na Penomonolohiya (Nicolas, 2019), ang mga karanasan ng mga ina at magulang ang naging basehan ng mga tema ng "dalaw." Ang pagsasalarawan ng teorya ng dalaw at pagiging iba ay ang malikhaing bahagi sa lapit kung saan ang mga karanasan ng mga ina ay ibinangga sa mga teorya tulad ng Social Support (Cullen, 1994), Pagiging-iba (Bauman, 1991; Brons, 2015), na tinalakay sa pagsisiyasat ng kaugnay na literatura. Dagdag dito, ginamit din ang malikhaing pagkilos sa panahon ng krisis (Beghetto, 2021, tignan ang Nicolas, 2022), at ang mga asembliya (assemblages) ng mga pangyayari, panahon, at lugar bilang basehan ng paglalarawan (Nicolas, 2021).

Ayon kay Beghetto (2021), sa panahon ng krisis, ang tao ay nakikipagsapalaran sa pagharap sa mga gawaing mapanganib *(risk-taking)* at ito ay humahantong sa mga malikhaing pagkilos *(creative action)* at mapagpabagong mga tugon sa krisis. Ginamit ito ni Nicolas (2022a) upang ipakita na ang malikhaing pagkilos ay produkto ng kolaborasyon ng *social worker,* ng kliyente, ng komunidad, ng ahensya, at minsan, kasama ang akademya o mga guro ng gawaing panlipunan. Madalas na nabubuo ang mga modelo ng praktis bunga ng kolaborasyong ito. Ang konteksto, pangyayari *(event)*, panahon, at lugar ay paraan upang suriin ang mga istraktura at mekanismo na ginagawang posible ang malikhaing kilos at kung paano ito humahantong sa mapagpabagong praktis (Nicolas, 2021).

Sa muling pagsasalarawan *(redescription)* ng pangyayaring dalaw, gumamit ang mga mananliksik ang kritkal na realismo upang suriin ang mga mekanismo na sanhi upang matupad ang isang pangyayari *(event)*. Sinuri ng mga mananaliksik ang mga kondisyon na nagiging salik upang matupad ang pangyayari (Danermark et al, 2002; Sayer, 2000), sa kasong ito, upang mapaunlad ang pagdalaw sa mga CICL at mga magulang, at mapaunlad ang pamamaraan ng *case management.*

**Konseptwal na Balangkas**

Tinitignan ng mga mananaliksik ang dalaw bilang isang *phenomenon* na binibigyang halaga ng mga magulang ng CICL. Subalit, ang pagiging dalaw din ay nagdudulot ng pakiramdam ng pagiging hiwalay dahil sa mga restriksyon na pinatupad ng pamahalaan noong panahon ng pandemya at maging ang ilang alituntunin na naglilimita sa pagdalaw (kahit na walang pandemya). Ang konteksto ng mga ina ng mga CICL ay nababatay sa lugar at panahon at ang mga pangyayaring kanilang kinabibilangan at dulot ng kontekstong ito. Sa kasong ito, ang pagkakalagak ng kanilang mga anak sa Bahay-Pagasa sa panahon ng pandemya ang pangunahing konteksto. Ang kalagayang ito ay nagdudulot ng identidad o pagtingin sa sarili. Nagdudulot ito ng pakiramdam ng Pagiging Iba. Sa pamamagitan ng mga malikhain at mapagpabagong paraan, nagpapasimula ang *social worker* ng mga interbensyon na maaaring tumugon sa mababang tingin ng ina ng mga bata sa kanilang sarili. Makakatulong din ang mga ito sa patuloy na komunikasyon ng magulang sa anak at ng patuloy na ugnayan ng *social worker* at ng magulang bilang pakikipagtulungan sa pag-usad ng kaso at reporma ng bata.




**Pigura 4.** *Konspetwal na Balangkas*

Ang paunang *assumption* ng mga mananaliksik na ang alternatibong dalaw ay nagdudulot ng identidad o pagkakilanlan sa mga dalaw bilang mga ina na nakakapagbigay suporta sa kanilang mga anak. Ang alternatibong dalaw ang isang pamamaraan upang magampanan ng mga magulang ang kanilang bahagi sa pagbibigay ng Social Support (Pigura 4). Ang teknolohiya at *social media* ay mga mekanismo upang makabuo ng alternatibong pamamaraan ng *case management* at mekanismo ng *social support*.

## Mga Natuklasan

Sang-ayon sa Batas Republika Blg. 10630, ang mga CICL o Children in Conflict with the Law na nasa kostodiya ng Tanglaw ng Pagasa Youth Rehabilitation Center (TPYRC) ay yaong mga kabataan na may edad 15 at hindi tataas sa 18 na nakagawa ng o nasangkot sa mga krimeng nabanggit sa Seksyon 20-A ng parehong batas. Dahil dito, ang TPYRC ang magiging pansamantalang tahanan ng mga CICL habang dinidinig ang kani-kanilang kaso sa korte na nangangahulugan ring pansamantalang pagkakawalay sa kani-kanilang mga magulang. Ang dalaw ay terminong ginagamit ng mga CICL at kawani ng Tanglaw bilang pagtawag sa mga magulang, *girlfriend*, o kaanak na bumibisita sa ahensya isang beses bawat linggo o higit pa depende sa umiiral na alituntunin sa ahensya.

Sa panayam ng mga magulang sa tanglaw na binubuo ng 10 magulang, 8 rito ay mga ina na pawang may mga trabaho at may edad mula 30-40 taong gulang. Ang isa (1) ay lola na syang nangangalaga sa kanyang apo dahil nasa ibang bansa ang ina bilang *domestic helper*, at isa ang ama na pangangalakal ang trabaho. Kung lilimiin sa mga kalahok, lahat sila maliban sa isa ay mga kababaihan. Ang karamihan ay nananatili sa bahay *(housewife)* ngunit naghahanap ng impormal na mapagkakakitaan. Ang isa ay may trabaho bilang *medical representative* at ang ilan ay namamasukan

bilang kasambahay sa Maynila. Ngunit, sa kabila ng kanilang paghahanap-buhay, nakikitang sila pa rin ang inaasahang dumalaw at magbigay ng gabay sa kanilang mga anak na CICL.

Ibinahagi ng mga magulang ang lubos na pag-aalala sa kanilang mga anak na nagkasakit habang nasa loob ng TPYRC. Naging dagdag sa kanilang pag-aalala ang kawalan ng dalaw na nagiging paraan nila upang malaman ang kalalagayan ng kanilang mga anak. Halos lahat ng mga nakapanayam ay nagsabing mas lalong higit na kailangan nilang makita o makausap ang kanilang mga anak ngunit tila hindi mapagbigyan dahil sa mga hamong hatid ng pandemya. Sa ganitong diwa, naisakonteksto ang pagbubuo ng modelo na layuning magamit ang mga *platform* sa *social media* tulad ng Google Meet at FB Messenger, upang makita at makausap ang mga anak na CICL, at maituloy ang *case management* at *counseling*, kahit sa *online* na pamamaraan. Bagamat alam ng mga mananaliksik ang kahalagahan ng pisikal na interaksyon na hindi mapapantayan ng anumang birtwal na pagkikita o pag-uusap, inaasahan na makatutulong ito sa pagbawas ng alalahanin ng mga magulang na hindi kapiling ang mga anak sa mapanghamong panahong tulad nito.

Matingkad din ang pagpapakita ng pananalig sa Diyos, haba ng pasensya, at pagtitiis ng mga magulang na itinuturing na pagsubok lamang ang paghantong ng kanilang mga anak sa Tanglaw at ang sakit na naranasan nila dulot ng COVID-19. Sa ganitong diwa, mababanaag pa rin ang pag-asa sa mga magulang na muling makakapiling rin ang kanilang mga anak sa kanilang sariling tahanan.

**Pagpapakahulugan ng Salitang "Dalaw"**

Ang salitang dalaw ay maaaring tumukoy sa isang pangngalan o tuwirang layon. Halimbawa, maaaring sabihin ng *social worker* na, "Mayroon kang dalaw." Maaari rin itong maging isang pandiwa o salitang kilos. Halimbawa, ang salitang dalaw ay maaaring pinaikling bersyon ng dumalaw. Maaaring kolokyal na sabihing, "Dalaw ka ulit sa susunod." Ganoon din sa pakahulugan sa salitang "dalaw." Hindi lamang ito semantiko kundi tunay na simbolikong pakahulugan ng mga kalahok sa konspeto ng dalaw.

Ang mga pakahulugan ng mga kalahok sa pananaliksik sa salitang "dalaw" ay nahahati sa tatlong kategorya: 1) bilang katangian ng isang indibidwal o grupo ng tao na karaniwang taga-labas; 2) bilang kumakatawan sa kabutihan o benepisyong dulot ng dalaw; at 3) bilang bahagi ng proseso ng kaayusang lipunan *(social arrangements)* sa tuwing may napapasok na kapamilya sa isang *Total Institution* (Goffman, 1961) at nahihiwalay ang isang kaanak. Sa bawat tema, nagbigay ang mga mananaliksik ng mga halimbawa ng mga tugon kung saan hinalaw ang mga tema. Mapapansin ang ilang salita na nagpapahiwatig ng restriksyon o pagkakalayo o pagkakaroon ng distansya (Tignan ang Talahanayan 1).

**Dalaw bilang Katangian ng Indibidwal o Grupo**

**Tema 1: Dalaw bilang "Kapamilya o Mahal sa Buhay" – Girlfriend, mga Magulang na Naghahatid ng Pagkain at Nangangamusta sa Kalagayan ng mga CICL sa Tanglaw.** Karaniwang dalaw rin ang tawag sa mga kaanak o mahal sa buhay na bumibisita sa kanilang mga anak na "naaayon sa iskedyul" o "pinagkasunduang petsa" bunga ng pakikipag-ugnayan sa *social worker* na *in-charge* sa kanilang anak. May restriksyon sa oras at tagal ng dalaw. Hindi maaaring dumalaw kung kailan nila gustuhing pumunta.

**Tema 2: Dalaw bilang "Bisita" – mga Bisita na Karaniwang Nagbibigay ng Donasyon sa Tanglaw.** Tinatawag rin na dalaw ang mga pribadong indibidwal, mga kawani ng organisasyon at iba pang institusyon na karaniwang nagbibigay ng donasyon (materyal man o sa pamamagitan ng salapi), nagbabahagi ng serbisyo (hal. pakain o *feeding*, pagsasanay o gawaing ekstensyon, espiritwal, akademiko at iba pa). Inihahalintulad nila ang kanilang sarili sa mga hindi kaanak na pumupunta sa ahensya – mga "nagbibigay ng donasyon" at mga "nagbibigay serbisyo." Isang pahiwatig ito na nabubuo ang kanilang tingin sa sarili na bilang ibang tao or taga-labas.

*Dalaw bilang Kumakatawan sa Kabutihan o Benepisyo*

**Tema 3: Dalaw bilang Paraan ng "Pagsasama-sama ng Pamilya o Family Interaction".** Sa Tanglaw, bahagi ito ng programang *family preservation* and *reunification* (pagpapatibay ng relasyon ng pamilya) na naghihikayat sa patuloy na pagbisita ng mga kaanak sa anak na CICL upang hindi maudlot ang kanilang relasyon bilang pamilya. Binibigyan rin sila ng oras upang magkaroon ng salu-salo sa pamamagitan ng pagkain nang sabay sa isang lugar na nilaan para rito. Nagiging paraan rin ito upang malaman ang kalagayan ng kanilang mga anak sa kabila ng pansamantalang pagkawalay.

> CICL # 2: Mahirap po kasi hindi po namin ano makasama po yung mga pamilya namin, wala pong dalaw.
>
> Social Worker # 2: Nung nagkapandemic ang challenges is yun nga naglessen yung interaction nung client dun sa family. Kahit na alam kong may mga cellphone sila. Pero yun, kasi before yung mga madalas nadadalaw ng family, hindi na nadadalaw.
>
> Social Worker # 1: Magkakaroon sila ng time na pwedeng kumain kasama yung kanilang anak, ngayon wala talaga.

Makikita sa mga tugon ng CICL at social worker na nabawasan ang pagkikita ng ina at ng CICL sa panahon ng pandemya, at ito ay naging sanhi ng agam-agam.

**Tema 4: Dalaw bilang "Pananggal ng Inip, Anxiety at Lungkot".** Karaniwang tinitignan ng mga CICL ang pagbisita o pagdalaw ng kanilang mga mahal sa buhay bilang pananggal ng inip sa karaniwang gawain sa loob ng ahensya. Ito ang nagiging paraan ng mga CICL upang makibalita sa mga pangyayari sa labas. Mariin din ang pagbanggit ng mga anak na CICL at gayundin ng kanilang mga magulang na ang dalaw o pagdalaw ay paraan upang mapawi ang anxiety at lungkot buhat ng pagkakawalay sa isa't isa. Ang pagdalaw ay nagbibigay ng oras para magkita, makamusta at makasama ang kanilang mga mahal sa buhay lalo't higit sa mga mahahalagang okasyon ng kani-kanilang buhay bilang isang pamilya (hal. kaarawan ng anak o magulang).

> CICL # 3: Nakakatanggal lungkot po kasi kapag nakita mo yung magulang mo na dinalaw ka po e.
>
> CICL # 7: Minsan po nakakainip, dumarating po sa point na naiinip po kami. Una po sa lahat dahil hindi po namin nakakasama po yung mga pamilya po namin, dahil limited nga po yung sa dalaw po…

Social Worker # 2: Isa pa yung anxiety nung mga bata, syempre wala nang dalaw.

Ang kondisyon ng mga bata noong panahon ng pandemya ay naiinip sila, nais makita ang kanilang mga magulang, at ang pagkakaroon ng *anxiety* dahil walang dalaw.

*Dalaw bilang Bahagi ng Proseso ng Pagkakahiwalay ng Kaanak*

**Tema 5: Dalaw bilang "Paghahatid o Paabot ng Pagkain".** Tinukoy rin ng magulang gayundin ng kanilang mga anak na ang dalaw ay nangangahulugan rin ng paghahatid o paabot ng pagkain. Karaniwang kaalinsabay na sa pagdalaw ang pagdadala ng pagkain na kadalasan ay paborito ng kanilang mga anak lalo't higit sa mga espesyal na okasyon tulad ng kanilang kaarawan. Ibinahagi rin ng mga anak na CICL sa panayam na isa rin sa inaabangan nila ay ang pagkain na niluluto ng kanilang mga magulang. Sa parte naman ng mga magulang, ang pagdadala ng pagkain sa pagdalaw ay repleksyon ng pagmamahal sa kanilang mga anak.

> Nanay # 1: …bawal ang dalaw. Bawal maghatid daw, dati kasi ma'am pwede namang maghatid ng pagkain, pwedeng ipaabot tapos aalis.
>
> Nanay # 5: …payagan na po nila yung mga dalaw para din po may pagkain din pong maayos.
>
> Nanay # 3:…bawal na din po kasi kahit po paabot.
>
> Nanay # 2: … pinaabot lang po dyan sa labas na ano medyo ano pagbigyan naman dun sa pagkain kasi minsan po kulang ang pagkain.

Ipinapakita dito ang pagkadismaya ng mga ina dahil ayaw silang payagan na dalawin ang kanilang mga anak. Naging *frustration* sa mga ina ang hindi makapagdala ng pagkain para sa kanilang mga anak, at ganun din naman sa mga anak.

**Tema 6: Dalaw bilang Paraan ng "Pangangamusta o Pag-alam sa Kalagayan ng CICL sa Tanglaw at Kapamilya sa Labas ng Ahensya".** Katulad ng naunang nabanggit, ang dalaw ay paraan ng muling pagkikita ng mga anak at mga magulang kahit sa limitadong oras. Sa mga oras ng dalaw naibabahagi ng anak at magulang ang kanilang mga nasa isip, damdamin at karanasan sa magkaibang tinitirhan (sa Tanglaw at tahanan sa labas ng Bahay Pag-asa o komunidad). Ito rin ang isa sa naging suliranin na kinaharap ng mga magulang sa pagkakasakit ng kanilang mga anak sa Tanglaw na nagresulta sa agam-agam at lubos na pag-aalala bunga ng kawalan ng komunikasyon.

> Nanay # 2: Pero po sa ngayon tinatawagan ko po yung hipag ko na nandyan po dyan sa Malolos pinakamusta ko po.
>
> Nanay # 5: Mahirap po kasi po hindi po sya pwede pong dalawin, saka po isa pa di po namin alam kung ano pong kalagayan nya kasi po katulad po ngayon bawal naman po ang cellphone dun e. Saka wala pong means kami para makamusta siya.
>
> CICL # 5: Nawalan po kasi kami ng dalaw. Hindi ko po makita yung mga pamilya ko hindi ko po makamusta.

Makikita naman dito na ang kondisyon ng mga ina ay nahihirapan sila dahil hindi man lang nila makausap ang kanilang mga anak. Naging sapat na sa kanila ang makibalita na lamang mula sa kamaganak na malapit-lapit sa Tanglaw.

**Tema 7: Dalaw bilang paraan ng "pagkikita, pagpasyal o pagbisita ng pamilya."** Ang dalaw ang bumabali sa pansamantalang distansya na dulot ng pagkakawalay ng mga magulang at kanilang mga anak. Dito nila nakikita nang personal at nakakapiling ang kanilang mga anak na CICL. Karaniwang kasama ang mga magulang, kapatid, at iba pang kaanak o mahal sa buhay sa pagdalaw sa CICL.

> Nanay # 1: … mula talaga nung 1 year ma'am parang minsan lang po kami nakaano dyan, nakapasyal.

> Nanay # 2: Dinadalaw po namin dyan…Nabibisita po namin dyan noong hindi pa po pandemic.

Ang kondisyon ng mga ina ay iba sa panahon bago nagkapandemya dahil dati silang nakakabisita. Nabawasan ang pagbisita ng pamilya dahil sa restriksyon ng pandemya.

**Talahanayan 1.** *Mga kategorya, pakahulugan at katagang nagpapahiwatig ng pagkahiwalay*

| **Kategorya** | **Pakahulugan (Tema)** | **Mga katagang nagpapahiwatig ng pagkahiwalay** |
|---|---|---|
| Dalaw bilang katangian ng indibidwal o grupo | Tema 1:Kapamilya o mahal sa buhay | "sangayon sa iskedyul" "takdang panahon" |
| | Tema 2: Mga nagbibigay ng donasyon sa Tanglaw | Mga tagalabas na "nagbibigay ng donasyon" at "nagbibigay serbisyo" |
| Dalaw bilang kumakatawan sa kabutihan o benepisyo | Tema 3: Pagsasama-sama ng pamilya o *family interaction* | "hindi makasama ang pamilya"; "hindi na nadadalaw" |
| | Tema 4: Pananggal ng inip, *anxiety* at lungkot | "Naiinip"; "*limited* ang dalaw" |
| Dalaw bilang bahagi ng proseso ng pagkakahiwalay ng kaanak | Tema 5: Paghahatid o paabot ng pagkain | "bawal ang dalaw"; "bawal maghatid"; "bawal na din… paabot" |
| | Tema 6: Pangangamusta o pag-alam sa kalagayan ng CICL sa Tanglaw at kapamilya sa labas ng ahensya | "Mahirap…hindi siya pwede dalawin"; "bawal ang cellphone"; "nawalan kami ng dalaw" |
| | Tema 7: Pagkikita, pagpasyal o pagbisita ng pamilya | "Minsan lang kami nakapasyal"; "nabibisita nung hindi pa pandemic" |

**Pagtatalakay**

Ang pakahulugan ng mga kalahok sa salitang "dalaw" ay nagpapahiwatig ng mga istraktura at mekanismo sa pagbuo ng pagkakilanlan at pagiging-iba ng isang ina. May mga dati nang mga

istraktura *(existing structures)* tulad ng mga batas, at pisikal na pasilidad. Subalit, mayroon ding nabubuo pa lang o emerging na mga istraktura tulad ng mga bagong batas, mga pagbabago sa teknolohiya at komunikasyon. Pangalawa, mayroong dalawang lebel ng istraktura, ang paakyat na istraktura at pababa na istraktura. Ang paakyat ay tungo sa mga mas malalaking Sistema *(macro)* tulad ng batas at alituntunin. Ang pababang istraktura ay tungo sa mas malilit na Sistema (micro) tulad ng personalidad at mga pag-iisip ng tao. Ang pataas at pababang mga istrakturang ito ay ang mga mekanismo ng sanhi *(causal mechanisms)* upang maging totoo ang akto ng pagdalaw. Kung kaya nga may paakyat na sanhi *(upward causation)* at pababang sanhi *(downward causation)* at itong mga sanhing ito ay may relasyon sa isa't isa o *reciprocal* at hindi *linear* (tignan ang Mingers & Standing, 2017).

May mga iba't ibang istraktura na humuhubog sa istraktura ng dalaw. Una, mayroon pisikal na istraktura na naghihiwalay sa bata sa kanyang mga magulang, sa komunidad, at sa kabuuan ng lipunan. Ito ang Bahay Pag-asa na siyang pinaglalagakan ng mga CICL. Pangalawa, mayroon na ring istraktura ng *juvenile justice* na kinabibilangan ng mga tagapagpatupad ng batas, ng korte, ng komunidad, kasama ng mga magulang. Sa istrakturang ito nabibilang ang mga *social workers*, mga kawani ng barangay, *local social welfare* and *development office* (LSWDO), maging mga kawani ng Bahay Pag-asa. Ang mga *actor* sa istrakturang ito ang may tuwiran at di-tuwirang kinalaman sa proteksyon at pangangalaga ng bata sa Pahay Pag-asa. Pangatlo, ang mga batas at panuntunan ay siya ring nagtatakda ng nararapat na istraktura at proseso sa bawat yugto ng pagkakalagak ng bata mula sa unang pagkikita nang magawa ang diumanong krimen hanggang sa pagkakalagak, rehabilitasyon, paghahanda sa paglaya at pagbalik sa komunidad, at serbisyong pagkatapos na lumabas ang bata sa Bahay Pag-asa. Noong panahon ng pandemya, nagkaroon ng mga ispisipikong batas tungkol sa kalusugan, sa paggalaw, paglalakbay, at mga restriksyon. Dahil sa mga batas at alituntunin na may kinalaman sa COVID-19, nagkaroon din ng mga bagong istraktura sa mga Bahay Pag-asa tulad ng pagbabawal sa mga magulang na dalawin ang kanilang mga anak. Sa kabuuan, ang maaaring tawagin ang mga istrakturang ito hindi lamang mga istraktura ng katarungan para sa kabataan kundi istraktura at mekanismo rin ng Social Support. May mga kondisyon na nagdudulot upang mabuo ang mga mekanismong makakatulong mapaunlad ang dalaw. Ang pandemya at ang teknolohiya ay mga kondisyon para mabuo ang mga *online* na pamamaraan upang makagawa ng mga alternatibong uri ng dalaw. Kung paano nais maibsan ang *multiple burden* na nararanasan ng mga kababaihan sa panahon ng pandemya (Salcedo, 2021), ganoon din na nabawasan ang pasanin ng mga nanay sa pamamagitan ng pansamantalang pamamaraan ng *online* na pagdalaw. Nang matupad ang pagdalaw at pakikipagusap sa kanilang anak, naging mekanismo naman ito para mabuo ang kanilang pagkakakilanlang dalaw pero bilang ina.

**Mga Salik na Nagpapadali o Nagpapahirap sa Pagdalaw**

Ang pagdalaw ng mga magulang o kaanak ay mahalaga sa proseso ng pagpapanibagong buhay ng mga CICL. Dito ipinapakita ang mahalagang ambag ng pakikiisa ng mga magulang sa paghubog ng pagkatao ng kanilang mga anak. Inaasahan na sa pamamagitan ng pagdalaw ay hindi mapapatid ang koneksyon at relasyon ng mga magulang sa kanilang mga anak sa kabila ng pisikal na pagkakalayo o pagitan ng konkretong pader at rehas. Kaya naman, maigting na sinusuportahan ng bawat kawani, partikular ng mga manggagawang panlipunan, ang gawaing ito. Ang pagdalaw ng magulang at ang pagtulong ng *social worker* para maganap ito ay bahagi ng Social Support (Cullen, 1994; Cullen et al., 1999; Kort-Butler, 2017). Gayunman, ang suliranin sa kawalan ng dalaw ay hindi lamang nagsimula sa pagkakaroon ng pandemya. Ayon sa sagot ng mga kawani sa

isinagawang panayam, mayroon pa ring mga magulang na hindi nakakadalaw dahil sa kawalan ng salapi sa pamasahe partikular sa mga magulang na nagtatrabaho o nakatira sa malalayong lugar sa Tanglaw na mas pinalala pa ng pandemya.. Ito ay patunay na sa pag-aaral nila Young at Hay (2020) na ang kita o pinagkakakitaan ay salik sa dalas ng dalaw ng mga magulang. Tulad ng sabi sa literatura, isang balakid ang layo o distansya ng pasilidad sa kakayahan ng mga kapamilya na dumalaw (McNeeley & Duwe, 2020). Sa Pilipinas, ang distansya ay nangangahulugan din ng mas mahal na pamasahe o mas magastos. Ngunit hindi ito inalintana sa ilang magulang na gagawa at gagawa ng paraan maisakatuparan lamang ang dalaw sa takdang oras. Ang pandemya ay ang naging pangunahing balakid. Kahit malapit lamang ang kinaroroonan ng dalaw, tila pinalayo ito ng pandemya dahil sa kahirapang makapasok sa pasilidad. Samakatuwid, pinalala ng simbolikong pagkakalayo ang pisikal na pagkakalayo ng magulang sa CICL. Makikita dito ang ugnayan ng lugar at pagkilos ng pagiging dalaw. Hindi mapipigilan ng layo o distansya ang pagdalaw ng mga magulang, ngunit may mga balakid na bunga ng konteksto ng pandemya at ng mga istraktura at polisiyang pinapatupad ng estado.

**Mga Mekanismo sa Pagpapatupad ng Makabagong Interbensyon**

**Istraktura ng social media at teknolohiya.** Sa patuloy na pag-unlad ng teknolohiya, naging daan ang *social media* sa pagkikita at pag-uusap ng mga magulang at mga anak na CICL kahit na nasa magkaibang lugar. Ang *online* kumustahan ay isinagawa sa Tanglaw ng mga mananaliksik na nagturo ng paggamit ng Google Meet sa mga magulang nang walang pagsasantabi sa mga batayang ligal at umiiral na batas. Naglabas rin ng Panuntunan kaugnay ng paggamit nito sa pakikipag-usap sa kanilang mga anak na CICL na may paggabay ng mga kawani o manggagawang panlipunan. Ang mga panuntunan ay bahagi ng paglalapat ng mga bagong istraktura para sa alternatibong pagdalaw. Sa pagkatuto ng mga magulang sa paggamit ng mga platapormang online, kailangang magkaroon din ng kaayusan upang tanggapin ito ng mga pamunuan ng LSWDO at ng pamahalaang local. Dahil minsan ay parehas ang lugar na ginagamit sa birtwal na sesyon at ang "live" o "real time" na sesyon, kailangang maghalo ang mga panuntunan sa harapang pagdalaw sa panuntunan sa pakikipagtalastasang birtwal. Tugon ito sa mga puna ng mga magulang na hindi nila madalaw ang mga anak at pinagbawal pa ang *cellphone* sa simula. Ngunit upang makatulong sa kalusugang mental ng nga bata at mga magulang at upang maisulong ang alternatibong *case management*, pinayagan ng administrasyon na gumamit ng *cellphone* at ng s*ocial media platforms*. Sa puntong ito, makikita na nagsimula ang mga ina sa pagkakaroon ng malakas na pakiramdam ng pagiging iba, ngunit natugunan ito ng instrumental na *social support* mula sa mga *social workers* at intern upang magawan ng paraan ang kanilang pakiramdam ng pagiging hiwalay. Maraming gumamit ng online na pamamaraan noong pandemya ngunit nagkakaiba sa mga ispisipikong hakbang para maipatupad ito. Halimbawa, gumawa ng *instructional video* ang mananaliksik upang mapanoond ng mga nanay at mabalikan nila sa pagkatuto ng mga *online* na pamamaraan ng komunikasyon. Gumagamit ng malikhaing pamamaraan upang maipatupad ang alternatibong *case management* noong pandemya.

**Mga Malikhaing Paraan ng Dalaw at *Case Management*.** Ang paggamit ng *online* na pamamaraan ng komunikasyon ay instrumento upang mapagpatuloy ang kooperasyon ng mga magulang sa pagpapabuti ng kaso ng kanilang mga anak. Isa lamang ito sa mga mapag-ibang ideya upang mapabuti ang praktis noong panahon ng pandemya. Marami pang malikhaing paraan na nabuo sa mga dating programa upang isulong ang alternatibong *case management*. Isang halimbawa ng alternatibong dalaw ay pinapakita sa karanasan sa Bahay Pasilungan kung saan pinapayagan ang

mga bata na dumalaw sa kanilang mga magulang minsan sa isang buwan (Save the Children UK Philippine Programme, 2004). Sa ganitong paraan, nagkaroon ng aktibong bahagi sa pagpaplano sa paglaya ng bata.

Ang kalidad ng dalaw ay mahalaga rin. Sa papel ni Bumanlag (2022), ipinakita niya kung sa pamamagitan ng paggamit ng sining, nagkaroon ng mga gawain kung saan ang mga magulang at anak ay nakapagbukas ng saloobin sa isa't isa upang mapabuti ang kanilang relasyon. Tinawag niya itong HOPE *reframing family reconciliation model*. Ipinapakita dito kung paano ang *social worker* ay maaaring gumawa ng mga paraan upang umunlad ang kalidad ng dalaw sa mga CICL.

**Espasyo bilang Istraktura ng Dalaw bilang Pagkakilanlan**

Ang dalaw ay karaniwang katangian ng isang taga-labas. Kumakatawan din ito sa pamamaraan ng interaksyon na bunga ng paghihiwalay ng espasyo. Dahil sa sapilitang paghiwalay ng CICL, nagkaroon ng dalawang magkahiwalay na espasyo, ang espasyo sa loob ng institusyon at ang espasyo sa labas ng institusyon. Ang espasyo sa loob ng institustyon ay pinapalooban ng bata (CICL), ng *social worker*, at ng iba pang kawani. Ang espasyo naman sa labas ng institusyon ay ang lugar kung saan matatagpuan ang mga magulang at tagapag-alaga. Subalit, mayroon ding *social workers* sa espasyo sa labas ng institusyon na maaaring maglabas-pasok sa Bahay Tanglaw. Nalimitahan din ang kapangyarihang ito noong panahon ng pandemya kung kaya't may *social worker* sa loob ng institusyon, at may *social worker* din na nasa labas na bahagi pa rin ng pamahalaang lokal. Dahil sa istrakturang ito, may dalawang uri ng pagkakilanlan ang dalaw: ang taga-labas na nais dumalaw sa institusyon (magulang/tagapag-alaga) at ang taga-loob na nais bisitahin ang mga pamilya *(social worker)*. Dahil dito, ang pagkakilanlang ipinagpapalagay ng magulang ay isang taga-labas kahit anak niya ang kanyang nais makasama.

Kung ang CICL ay sumailalim sa programang dibersyon at nasa pamamahala ng komunidad o korte ang kanyang pagbibigay serbisyo bilang bahagi ng reporma at kabayaran sa nagawa niyang krimen, hindi sana magiging tagalabas ang papel ng magulang. Dahil nasa kostodiya ng magulang ang bata, ang espasyong ginagalawan ng CICL ay ang kanyang sariling tahanan at komunidad. Sa ganitong pagkakataon, ang mga ahente ng estado tulad ng *social worker* ang mga taga-labas at siya namang nagiging dalaw sa CICL. Subalit, kabaliktaran nito ang nangyayari sa "dibersyong panginstitusyonal". Bagamat hiwalay ang mga CICL sa mga bilanggong may edad na, maituturing na hiwalay pa rin sila sa komunidad, lalo pa sa kanilang mga magulang. Dahil dito, ang identidad ng isang magulang, ng isang ina, bilang isang dalaw, ay isang taga-labas. Bagamat ang magulang ay tinuturing na "significant other," pinapalayo nito ang distansyang sosyal dahil sa mga kaayusang itinakda ng estado. Ang distansyang sosyal na ito ay pinaigting pa dahil sa mga restriksyon ng pandemya. Sang-ayon ito sa literatura, na ang dalaw, pisikal man o *online*, ay nakakatulong upang patuloy na maiugnay ang mga bata sa komunidad (McNeeley & Duwe, 2020).

Para sa bata naman, ang dalaw ay simbulo ng pag-asa. Ito marahil ang dahilan kaya tinawag ang mga pasilidad para sa CICL na Bahay Pag-asa. Umaayon naman ito sa sinabi ni Bulatao (2023) na ang suporta ng pamilya ay nagdudulot ng pagkakaroon ng pag-asa sa mga bata. Dapat na ituring na Karapatan ang pagkakaroon ng dalaw dahil ito ay isa sa mahahalagang pamamaraan upang mapanatili ang koneksyon ng bata sa komunidad na nasa labas ng institusyon. Subalit, dahil may mga bata na walang pumupuntang dalaw, ang pagkakaroon ng dalaw ay nagiging pribilehiyo. Ang mga may dalaw ay may dagdag na pagkain at gamit. May mga bitbit silang kuwento na hindi

nararanasan ng mga batang walang dalaw. Ang pagkakaroon ng dalaw ay pinanggagalingan din ng saya (at minsan ng lalo pang pighati). Pribilehiyo rin ito dahil minsan pinipigilan ang pagdalaw ng mga magulang ng mga bata ng nakagawa ng hindi mabuti sa *center.* Ang pansamantalang pag-alis ng kanilang karapatan sa dalaw ay ang kanilang kaparusahan. Kung gayon, ang pagkakaroon ng dalaw ay maituturing din na isang gantimpala. Isang pabor na binibigay dahil sa mabuting gawi na pinamalas ng CICL. Sa ganitong pangyayari, ang mga *social worker* ay nakakadagdag sa pagkakaroon ng *secondary deviance* dahil nagpapatibay sa mga bata na sila ay laging gumagawa ng taliwas (Lemert, 1967; Nooe, 1980) habang lalong nahihiwalay ang bata sa mga magulang.

**Ang Lugar at ang Pagkakilanlan ng Dalaw at Dinadalaw**

Dalawa ang naging basehan ng pagiging iba ng mga ina at magulang ng mga CICL. Una, naging iba sila dahil sa mga panuntunan ng nasyonal at local na pamahalaan. Bagamat pinapakita ng mga makakanluraning pag-aaral na ang mga magulang ang pinakamainam na *social support* na maaaring tanggapin ng mga bata, ang mga panuntunan ng pamahalaan ang humaharang din sa ganitong layon. May responsibilidad ang pamahalaan na maglaan ng *resources* para mabigyan ng *social support* ang ina at ang CICL. Pangalawa, ang konteksto ng pagiging iba ay nakabase sa lugar. Nagkakaroon ng pagdistansya ng mga taga-labas at mga taga-loob ng institutsyon. Kahit na hindi tinatawag na kulungan o piitan ang Bahay Pag-asa, pumapaloob pa rin ito sa istraktura na kung tawagin ay *Total Institution* (Goffman, 1961) kung saan hiwalay ang mga bata sa kalakhan ng lipunan.

May tatlong pangyayari *(event)* kung saan nabubuo ang pagkakakilanlan ng pagiging dalaw: 1. *Online kumustahan* – ang pagkakilanlan ng mga magulang bilang dalaw sa kanilang mga anak (e3a); 2. *Alternatibong home visitation* – ang pagkakilanlan ng mga *social worker* bilang dalaw ng mga magulang (e3c); at 3. *Pagbisita ng dating kasama* – ang pagkakilanlan ng mga dating CICL na dumadalaw sa Bahay Pag-asa. Nakabatay ang bawat pangyayari sa katangian ng lugar na kinabibilangan. Ang paunang pangyayari ay nagdudulot upang matupad ang ikalawang pangyayari na katumbas ng interbensyon na ginawa bilang tampok ng modelo ng praktis sa gawaing panlipunan. Ang mga pangyayaring ito ay mga halimbawa kung paano mapapalakas ang dalaw bilang pamamaraan ng *social support* sa CICL at kanilang mga magulang.

Ipinapakita ng Talahanayan 2 ang unang pangyayari kung saan ang magulang ang dalaw at ang anak ang dinadalaw. Dalaw ang ina dahil siya ay taga-labas ng institusyon. Ang mga pagkilos ng ina ang maoobserbahan sa mga katagang *dadalaw ako o dumadalaw ako*. Dahil sa restriksyon ng pandemya, pinakilala sa mga ina ang online kumustahan kung saan madadalaw nila ang kanilang mga anak sa pamamagitan ng mga platapormang *online* tulad ng Google Meet. Ang alternatibong interbensyong ito ay naglayon na maging tulay na huwag maputol ang komunikasyon sa pagitan ng magulang at anak na CICL.

**Talahanayan 2.** *Pagkakilanlan ng Magulang bilang Dalaw (Event – Online Kumustahan)*

| Pagkakilanlan | Lugar na kinabibilangan | Pagkilos |
|---|---|---|
| Dalaw (magulang) | Taga-labas ng institusyon | *Dadalaw ako; dumadalaw ako* |
| Dinadalaw (anak) | Loob ng institusyon | *May dalaw ako; Dalawin mo ako* |

Pinapakita naman ng Talahanayan 3 ang pangyayaring home visitation na natigil noong panahon ng pandemya. Sa pangyayaring ito, ang *social worker* ang dalaw bilang taga-loob ng institusyon, at tagalabas naman ng komunidad. Sa pagkakataon na ito, ang *social workers* ang sumasambit ng mga katagang dadalaw ako o dumadalaw ako. Ang pangyayari ay dalaw "sa" mga magulang (e3c sa Pigura 4). Ang modelo ang nagtampok ng alternatibong pamamaraan ng *home visitation* sa pamamagitan muli ng mga *online* na palataporma. Sa tuluy-tuloy na pangangamusta ng *social worker*, maiibsan ang pakiramdam ng ina na malayo siya sa kanyang anak at mababawasan ang agam-agam hinggil sa kalagayan at kalusugan ng kanyang anak. Ang *social worker* ang tulay sa pagitan ng institusyon at ng komunidad bilang kanyang propesyonal na mandato.

**Talahanayan 3.** *Pagkakilanlan ng Social Worker bilang Dalaw: (Event – Alternatibong Home visitation)*

| Pagkakilanlan | Lugar na kinabibilangan | Pagkilos |
|---|---|---|
| Dalaw *(social worker)* | Taga-loob ng institusyon/ Maaaring taga-labas o ta-ga-loob ng komunidad | *Dadalaw ako (home visit); dumadalaw ako* (alternatibong pagdalaw sa komunidad habang nasa loob ng institusyon) - *remote* |
| Dinadalaw (magulang) | Taga-komunidad | *May dalaw ako; Dalawin mo ako* |

Ang pangatlong pangyayari ay nakuha mula sa hiwalay na panayam sa dating CICL na bumabalik sa Bahay Pag-asa para kumustahin ang kanyang mga dating *house parents* at kapwa bata. Nagkakaroon dito ng transisyon mula sa pagiging taga-loob sa pagiging dating-tagaloob. Dito na nagsisimulang magbago ang pagkakilanlan ng bata, mula sa pagiging CICL at taga-loob ng Bahay Pag-asa sa pagiging kabahagi muli *(reintegrated)* na kasapi ng komunidad. Ito marahil ang sinasabi ni Paul Ricoeur (1992) na ang sarili *(oneself)* bilang iba *(another)* dahil nakita muli ng dating CICL ang kanyang pagkakilanlan bilang kabahagi ng komunidad at muling kapiling ang kanyang mga magulang at pamilya. Ang dating CICL, bagamat salamin na lalong nagpapakita ng pagiging iba ng mga taga-loob na CICL, ay tulay din dahil naranasan na niya ang tatlong mundo, ang pagiging bahagi ng komunidad, ang pagkahiwalay sa komunidad, at ang pagbalik niya sa komunidad. Nagkakaroon ng pag-asa ang mga ina na may hangganan din ang kaniyang pagiging layo o hiwalay sa kanyang anak, at pagiging laya na rin sila. Maaaring maging iisa na ang lugar na kinalalagyan ng ina at anak. Kung hindi man, ay malaya na nilang madadalaw ang isa't isa sa anumang panahong maaari at naisin nila.

**Talahanayan 4.** *Pagkakilanlan ng Dating CICL bilang Dalaw: (Event – Pagbisita sa mga Dating Kasama)*

| **Pagkakilanlan** | **Lugar na kinabibilangan** | **Pagkilos** |
|---|---|---|
| Dalaw (dating CICL) | Dating Taga-loob ng institusy-on; *Reintegrated* sa komuni-dad;<br>Taga-labas ng institusyon | *Dadalaw ako; dumadalaw ako* |
| Dinadalaw (mga CICL; *social worker; house parents)* | Taga-loob ng institustyon | *May dalaw tayo; Dalawin mo kami* |

Kung gayon, ang pagiging dalaw ay isang pagkakilanlan na mag-iiba depende sa *actor*, at sa lugar kung saan naroon ang *actor*. Maaaring gamitin ang pagkakilanlang dalaw sa ina, sa *social worker*, at sa dating CICL (na dating taga-loob).

**Pakahulugan ng Dalaw sa Praktis ng Gawaing Panlipunan**

Ipinapakita sa Pigura 5 ang interseksyon ng dalawang pangyayari: ang panahon ng pandemya (T1) at panahong nalagak ang mga bata sa Bahay Paga-asa (T2). Sa panahon na ito ay dalawang pangyayari ang naganap: ang pagkakaroon ng *lockdown* noong panahon ng pandemya (E1) at ang paglagak ng bata sa loob ng Bahay Pag-asa (E2). Maaari rin na ang bata ay nasa Bahay Pag-asa na noong nagsimula ang pandemya. Dahil sa pagkahiwalay ng ina sa anak at dahil nasa loob ng bakuran ng Bahay Pag-asa ang kanilang anak, nagsimulang magkaroon ng pagkakilanlan ang ina bilang Tagalabas. Ito ay pinalala ng panahong nagdeklara ng restriksyon sa paggalaw ng mga tao noong panahon ng pandemya (t1).

Ang *field instruction* ng gradwadong kursong Masterado ng Gawaing Panliupunan ay pinatupad ang proseso ng pagbuo ng *integrative* at *innovative* na mga *practice models*. Ito ay binubuo ng dalawang semestre: ang SW 286 sa unang semestre (t2) at and SW 287 sa ikalawang semestre. Sa isang taon na *intern* ang gradwadong mag-aaral, ginabayan siya ng kanyang *faculty supervisor* na isang *social work educator*. Natupad ang tatlong pangyayari: 1) ang paghanap ng suliranin sa ahensya (e1); 2) ang paghanap ng solusyon (e2); at 3) ang pagsubok o *pilot test* ng alernatibong interbensyon sa panahon ng pandemya (e3).

Sa pamamagitan ng teknolohiya at *social media platforms*, nilayong ituloy ang mga dating serbisyo ngunit sa birtwal na lugar (p2). Gumamit ng teknolohiya at *social media* para maisakatuparan ang mga layunin ng modelo: 1) magkaroon ng tuloy-tuloy na komunikasyon sa pagitan ng mga magulang/tagapag-alaga at ng mga bata; 2) makapagbigay serbisyo sa mga bata sa loob ng Bahay Tanglaw at maging sa mga magulang na nasa kani-kanilang mga tahanan at komunidad; at 3) maipagpatuloy ang case management sa kabila ng pandemya. Maliban dito, nilayon din ng modelo na maturuan ang mga magulang ng paggamit ng mga *social media platforms* tulad ng Google Meet na siyang ginamit sa iba pang serbisyo tulad ng pagsasanay sa kabuhayan upang matulungan ang mga magulang magkaroon ng dagdag na kita noong panahon ng pandemya. Lahat nang ito ay nagmula sa pagtukoy ng suliranin na pagkakaroon ng limitasyon sa pagdalaw sa mga bata. Ang naging solusyon ay ang pagkakaroon ng alternatibong pamamaraan ng dalaw gamit ang teknolohiya at *social media*. Pinapatunayan nito ang balangkas na nabuo noong pandemya na pagsasanib-puwersa ng mga makabagong-isip na pagbabago sa pagbibigay ng serbisyong panlipunan sa larangan at mga *remote* na pamamaraan ng *field instruction* sa pag-aaral ng gawaing panlipunan, upang makapagpasimula ng makabagong-isip na mga pamamaraan sa pamamagitan ng pagbuo ng modelo ng praktis (Nicolas, 2022a).

Dagdag sa pakahulugan ng dalaw ay ang gamit ng alternatibong pamamaraan ng dalaw sa pagpapaabot ng serbisyong panlipunan sa panahon ng pandemya (e3). Ito ang naging kahalagahan ng konsepto ng dalaw sa gawaing panlipunan at marahil sa lahat ng propesyong ang layon ay tumulong. Ang dalaw ay isang pamamaraan ng interaksyon ng magulang at anak upang maiugnay pa rin ang CICL sa komunidad (pagdalaw ng magulang e3a). Ang dalaw din ang pamamaraan ng *social worker* upang makapag-*home visit* at makumusta ang pamilya at maiusad ang iba pang panukala sa kaso (pagdalaw sa magulang e3c). Ang dalaw din ang naging daluyan ng pagbibigay

serbisyo tulad ng *psychosocial support* (e3b). Sa kinalaunan, sa pamamagitan ng mekanismong alternatibong dalaw na gamit ang plataporması online, nagkakaroon ng pagkakilanlan ang dalaw bilang isang ina. Nakakatulong ito sa lusog-isip, hindi lang ng mga bata, ngunit maging ng ina at mga magulang.





**Figura 5.** *Mga Pangyayari, Panahon at Lugar sa Pagbuo ng Alternatibong Interbensyon sa Panahon ng Pandemya at ang Pagkakilanlan ng Dalaw*

## Panghuling Salita at Rekomendasyon

Ang pagiging dalaw ay katangian ng pagiging iba dahil sa pangyayari at lugar. Para sa isang ina ng isang CICL, siya ay kapwa tinuturing na iba dahil pinaghihiwalay siya at ang kanyang anak ng mga bakod ng institusyon. Hiwalay din siya sa ibang miyembro ng komunidad dahil kailangan niyang dalhin ang pasanin ng pagiging magulang ng CICL. Ang mga alternatibong interbensyon sa pag-aaral ay nagpapakita na ang pagiging-iba ng ina at ng mga magulang ng CICL ay maaaring labanan sa pamamagitan ng mga pagkilos na magkokonekta sa kanilang mga anak upang mabawasan ang distansya sa pagitan nila. Sa *redeskripsyon* ng teorya hinggil sa dalaw, bagamat mahirap baguhin ang konteksto ng lugar, maaaring magpakilala ng pangyayari at alternatibong pagkilos (interbensyon) para labanan ang identidad nang pagiging iba at hiwalay.

Maaari pa ring gamitin ang alternatibong mga pamamaraan gamit ang teknolohiya at s*ocial media platforms* kahit na hindi na panahon ng pandemya. Halimbawa, maaaring limitado ang pondo at gamit ng lokal na pamahalaan tulad ng sasakyan. Kung isang sasakyan lang ang gamit at apat hanggang limang bahay lamang ang mabibisita, maaari pa ring ituloy ang pagbisita ng s*ocial worker* sa mga magulang gamit ang *online* na pamamaraan. Gayundin, kung walang pamasahe ang mga magulang, o may kadahilanan tulad ng karamdaman, maaari pa ring makita ng mga magulang ang kanilang mga anak, gamit ang *online* na pamamaran. Ang online na pamamaraan ay isa nang kasangkapan (tool) sa *case management* na maaaring gamitin ng mga *social workers*.

Ang pag-aaral ay kinalahukan ng mga magulang ng CICL na karamihan ay binubuo ng kababaihan o mga ina. Sa ganitong diwa, maaaring tignan ng mga susunod na mananaliksik nang mas matalas na gamit ng lente ng feminismo. Ang mga pananaw at pagbibigay kahulugan ng mga kalahok na binubuo ng mga ina o kababaihan ay maaaring may kinalaman sa pagpapakahulugan sa babae na hindi naipaliwanag sa pag-aaral na ito. Kung sakali man, maaari ring ikumpara ang pananaw at pagpapakahulugan ng salitang "dalaw" sa mga magulang na lalaki (ama) at magulang na babae (ina). Maaaring suriin kung mayroong ibang pananaw o pagpapakahulugan sa salitang dalaw buhat sa magkaibang kasarian.

Dagdag pa rito, naging tampok rin sa mga kasagutan ng mga magulang sa panayam ang pagpapakahulugan sa salitang "hustisya" na kadalasan ay inihahambing sa pananalig o plano ng Diyos. Hindi nabanggit o naipaliwanag ng mga mananaliksik ang aspetong ito dahil hindi na ito saklaw ng pag-aaral, ngunit maaaring talakayin rin ito sa mga susunod na sulatin ng mananaliksik. Buhat ng mga nabanggit, ang kasarian at relihiyon ng mga kalahok ay maaaring idagdag bilang mga namamagitang salik sa mga susunod na pananaliksik na katulad nito. Makikita na isang estratehiya sa pagpapaunlad ng lipunan ang Social Support at pagpapabuti ng relasyon ng magulang sa mga anak na nasa poder ng *justice system*. Sinasabi sa papel na ito na dapat kabahagi ang mga ina sa social support na ito sa pamamagitan ng pagtanggap sa kanilang pagkakilanlan na ina ng mga CICL at hind lamang dalaw na taga-labas.

Ang estado ay itinuturing ring magulang ng mga mamamayan. Makikita ito maging sa Konstitusyon na syang tinukoy ang estado bilang "*parens patriae*" na sa wikang Latin ay nangangahulugang "magulang ng nasyon o mamamayan." Sa ganitong diwa, nagsasagawa ng mga batas, programa, o serbisyo na may kinalaman sa pagprotekta at pangangalaga sa kanyang mga nasasakupan, lalo't higit sa natatanging grupo *(marginalized sector)*. Ang pagtatayo ng *rehabilitation center* tulad ng Tanglaw ng Pag-asa ay isa sa mga serbisyong patunay ng paggampan ng estado sa pangangalaga sa mga CICL. Subalit, kailangan paigtingin ang *social support* ng pamahalaan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng *community-based interventions* upang hindi maging balakid ang lugar sa pagitan ng anak at kanyang ina. Sa ganitong paraan, maiiwasan na ipaubaya na lamang sa ina ang *social support* bilang "natural carers" na nagbibigay ng pagkalinga sa lahat ng natatanging sektor (Alfandry, 2020, Par. 13). Bilang *duty bearer* at magulang sa kanyang mga anak, tungkulin ng gobyerno na siguraduhing kabahagi ang magulang sa *social support* sa mga CICL at hindi pawang dalaw lamang.

**Mga Sanggunian**


Alfandry, R. (2020). *Community care and the feminist perspective*. https://www.ronyalfandary.com/post/community-care-and-the-feminist-perspective

Arditti, J. A. (2003). Locked doors and glass walls: Family visiting at a local jail. *Journal of Loss & Trauma, 8*(2), 115–138.

Bauman, Z. (1991). A aociological theory of postmodernity. *Thesis Eleven, 29*(1), 33–46. doi: 10.1177/072551369102900104

Beauvoir, S. de. (2009). *The second sex.* (C. Borde & S. Malovany-Chevallier, Trans.). Random House: Alfred A. Knopf. (1949) ISBN 978-0-307-26556-2.

Beghetto, R. A. (2021). How times of crisis serve as a catalyst for creative action: An agentic perspective. *Frontiers in Psychology, 11* (600685). http://dx.doi.org/10.3389/fpsyg.2020.600685

Bhaskar, R. (1975/2008). *A realist theory of science.* Verso.

Bhaskar, R. (1979/2014). *The possibility of naturalism: A philosophical critique of the contemporary human sciences.* Routledge.

Brons, L. (2015). Othering, an analysis. Transcience, *A Journal of Global Studies, 6*(1), 69–90.

Brunton-Smith, I., & McCarthy, D. J. (2017). The effects of prisoner attachment to family on re-entry outcomes: A longitudinal assessment. *The British Journal of Criminology, 57*, 463–482.

Bulatao, A. R. Y. (2023). Exploring the concept of hope and aspirations of Children in Conflict with the Law (CICL). *Philippine Social Science Journal, 6*(1), 52–62. https://doi.org/10.52006/main.v6i1.668

Bumanlag, C. E. C. (2022). *Byaheng pag-asa model: HOPE reframing family reconciliation model.* [Unpublished Field Instruction SW 287 Integrative Paper]. College of Social Work and Community Development. University of the Philippines Diliman.

Bumanlag, C. E. C. (2023). *What waiting looks like inside Bahay Pag-Asa: Effects of delayed court proceedings on the psychosocial development of Children in Conflict with the Law confined in Bahay Pag-Asa in National Capital Region.* [Unpublished MSW Thesis]. College of Social Work and Community Development. University of the Philippines Diliman.

Charmaz, K. (2006). *Constructing Grounded Theory.* Sage.

Charmaz, K. (2014). *Constructing Grounded Theory.* Sage Publications.

Cochran, J. C., Barnes, J. C., Mears, D. P., & Bales, W. D. (2020). Revisiting the effects of visitation on recidivism. *Justice Quarterly, 37*(2), 304–331. https://doi.org/10.1080/07418825.2018.1508606

Cochran, J. C., & Mears, D. P. (2013). Social isolation and inmate behavior: A conceptual framework for theorizing prison visitation and guiding and assessing research. *Journal of Criminal Justice, 41*(4), 252–261.

Council for the Welfare of Children (CWC) and United Nations Children's Fund (UNICEF). (2016). *National baseline study on violence against children: Philippines.*

COVID-19 crisis adds to women's "multiple, complex" burdens -- study. *Philippine Star* (Manila, Philippines), [s. l.], 2021. https://research.ebsco.com/linkprocessor/plink?id=2b5ba608-bac4-36f8-8bce-a994b02c0616.

Cullen, F. T. (1994). Social support as an organizing concept for criminology. Presidential Address to the Academy of Criminal Justice Sciences. *Justice Quarterly, 11*, 527–559.

Cullen, F. T., Wright, J. P., & Chamlin, M. B. (1999). Social support and social reform: A progressive crime control agenda. *Crime & Delinquency, 45*, 188–207.

Danermark, B., Ekström, M., Jakobsen, L., & Karlsson, J. C. (2002). *Explaining society: Critical realism in the social sciences.* Routledge.

De Vera, K. A. P. (2022). *FamBaM: Family and relatives support for CICL* [Unpublished Graduate SW 287 Field Instruction Paper]. College of Social Work and Community Development, University of the Philippines Diliman.

Edrada, E. M., Lopez, E. B., Villarama, J. B., Salva Villarama, E. P., Dagoc, B. F., Smith, C., Sayo, A. R., Verona, J. A. , Trifalgar-Arches, J., Lazaro, J., Balinas, E. G. M., Telan, E. F. O., Roy, L., Galon, M., Florida, C. H. N., Ukawa, T., Villaneuva, A. M. G., Saito, N., Nepomuceno, J. R., Ariyoshi, K., Carlos, C., Nicolasora, A. D., & Solante, R. M. (2020). First COVID-19 infections in the Philippines: A case report. *Tropical Medicine and Health*. https://researchonline.lshtm.ac.uk/id/eprint/4656570/1/20.04.14%20Philippines%20case%20report%20(TMAH).pdf

Fentiman, L. C., (2017). *Blaming mothers: American law and the risks to children's health.* NYU Press.

Goffman, E. (1961). *Asylums.* Doubleday Anchor.

Goffman, E. (1963/1986). *Stigma: Notes on the management of spoiled identities.* Simon & Schuster, Inc.

ILO International Training Center. (2008). *Module on gender, poverty and employment.* http://www.glopp.ch/A5/en/multimedia/A5_1_pdf1.pdf

Kahambing, J. G. (2021). Philippine prisons and 'extreme vulnerability' during COVID-19. *Journal of Public Health, 43*(2), e285–e286. https://doi.org/10.1093/pubmed/fdaa259

Kawash, S. (2011). New directions in motherhood studies. *Signs: Journal of Women in Culture and Society, 36*(4), 969–1003.https://doi.org/10.1086/658637

Kort-Butler, L. A. (2018). Social support theory. *The Encyclopedia of Juvenile Delinquency and Justice.* https://doi.org/10.1002/9781118524275.ejdj0066

Lacan, J. (1977/1982). *Écrits: A selection* (A. Sheridan, Trans.). W.W. Norton & Co.

Lacan, J. (1979). *The four fundamental concepts of psycho-analysis (seminar 11)* (A. Sheridan, Trans.). Penguin.

Lakey, B., & Sheldon, C. (2000). Social support theory and measurement. In S. Cohen, L. G. Underwood, & B. H. Gottlieb (Eds.), *Social support measurement and intervention: A guide for health and social scientists,* (pp. 29–52). Oxford Academic. https://doi.org/10.1093/med:psych/9780195126709.003.0002

*Lemert, E. M. (1967).* Human deviance, social problems, and social control. Prentice-Hall.

Leskošek, V. (2011). Historical perspective on the ideologies of motherhood and its impact on Social Work. *Social Work & Society, 9*(2), 206–215.

Mahoney, K. (1996). Theoretical perspectives on women's human rights and strategies for their implementation. *Brooklyn Journal on International Law, 21*(3), 799–856.

Malaguit, R. (2020, November 1). Loneliness, anxiety grip Malabon's children in custody during pandemic. *Philippine Center for Investigative Journalism*. https://pcij.org/article/8943/loneliness-anxiety-grip-malabon-juvenile-delinquents-during-pandemic

McNeeley, S., & Duwe, G. (2020). Keep your friends close and your enemies closer: Prison visitation, spatial distance, and concentrated disadvantage of visitor neighborhoods, and offender recidivism. *Justice Quarterly, 37*(4), 571–589. DOI: 10.1080/07418825.2019.1568521

Melendez, M. S., Lichtenstein, B., & Dolliver, M. J. (2016). Mothers of mass murderers: Exploring public blame for the mothers of school shooters through an Application of Courtesy Stigma to the Columbine and Newtown tragedies. *Deviant Behavior, 37*(5), 525–536.

http://dx.doi.org/10.1080/01639625.2015.1060754

Meyers, T. J., Wright, K. A., Young, J. T. N., & Tasca, M. (2017). Social support from outside the walls: Examining the role of relationship dynamics among inmates and visitors. *Journal of Criminal Justice, 52*(1), 57–67. https://doi.org/10.1016/j.jcrimjus.2017.07.012

Miller, M. H. (2020). Introduction to the Special Issue: Criminalizing Motherhood and Reproduction. *Women & Criminal Justice, 30*(5), 310–315.

Mingers, J., & Standing, C. (2017). Why things happen – Developing the critical realist view of causal mechanisms. *Information and Organization, 27* (1), 171–189. http://dx.doi.org/10.1016/j.infoandorg.2017.07.001

Mitchell, M. M., Spooner, K., Jia, D., & Zhang, Y. (2016). The effect of prison visitation on reentry success: A meta-analysis. *Journal of Criminal Justice, 47*, 74–83.

Moser, C. (1993). *Gender planning and development: Theory, practice and training*. Routledge.

Nicolas, J. F. L. V. (2016). Pushing the boundaries in social work: Establishing the place of creativity in disciplinary knowledge creation. *Humanity Journal, 7*(1), 45–64.

Nicolas, J. F. L. V. (2019). *Articulating creativity in social work practice.* [PhD thesis, University of Newcastle, NSW Australia].

Nicolas, J. F. L. V. (2021, November). Walking alongside the defenders: A meta-analysis of case studies in human rights at the heart of response during the time or pandemic in the Philippines. *Philippine Social Work Education Amidst the Pandemic: Challenges, Innovation and Trajectories.* 49th National Association of Social Work Education, Inc. (NASWEI) Biennial Conference. November 29, 2021.

Nicolas, J. F. L.V. (2022). Knowledge creation in social work during the time of COVID-19. In N. T. Tan, & P. Shajahan (Eds.), *Remaking social work for the new global era* (pp. 143–159). Springer, Cham. https://doi.org/10.1007/978-3-031-08352-5_10

Nooe, R. M. (1980). A model for integrating theoretical approaches to deviance. *Social Work, 25* (5), 366–370. https://doi.org/10.1093/sw/25.5.366.

Ricoeur, P. (1992). *Oneself as another.* University of Chicago Press.

Rivera, A. P. T., Seno, G. I., & Tongson, E. C. (2021). *The multiple burden of Filipino mothers during the COVID-19 pandemic.* [Unpublished thesis, College of Home Economics, University of the Philippines Diliman].

Salcedo, E. S. (2021). *Work from/for home: Recommendations to ease post-pandemic multiple burden on women.* [S.l.]: SSRN. https://doi.org/10.2139/ssrn.3875087.

Save the Children-UK Philippines Programme. (2004). *BREAKING RULES: Children in Conflict with the Law and the juvenile justice process: The experience in the Philippines.* Save the Children-UK.

Sayer, A. (2000). *Realism and social science.* Sage.

Siennick, S. E., Mears, D. P., & Bales, W. D. (2013). Here and gone: Anticipation and separation effects of prison visits on inmate infractions. *Journal of Research in Crime and Delinquency, 50*(3), 417–444.

Sturges, J. E., & Hanrahan, K. J. (2011). The effects of children's criminality on mothers of offenders. *Journal of Family Issues, 32*(8), 985–1006. doi: 10.1177/0192513X10396805

Supreme Court of the Philippines. (2019). 2019 Supreme Court Revised Rule on Children in Conflict with the Law (A.M.No. 02-1-18-SC).

Tongson, E. C. (2019). Examining unpaid care work of women in the sandwich generation: Pathways towards social protection and wellbeing. *Philippine Journal of Social Development, 12,* 46–70.

Turanovic, J. J., & Tasca, M. (2019). Inmates' experiences with prison visitation. J*ustice Quarterly,*

*36*(2), 287–322. https://doi.org/10.1080/07418825.2017.1385826

Turanovic, J. J., & Tasca, M. (2022). Conditions of contact: Reexamining the relationship between prison visitation and recidivism. *Justice Quarterly, 39*(2), 923–952. https://doi.org/10.1080/07418825.2021.1944284

United Nations Programme on HIV/AIDS. (2020). C*OVID-19 in prisons—a ticking time bomb.* https://www.unaids.org/en/resources/presscentre/featurestories/2020 /may/20200513_prisons

Visher, C. A., & O'Connell, D. J. (2012). Incarceration and inmates' self-perceptions about returning home. *Journal of Criminal Justice, 40*(5), 386–393.

Vujović, T., &, M. Mijanović (2013). The attitudes of delinquents to their parents' behavior in the period of early childhood. *Sociological Discourse, 3* (6), 33–48. Doi: 10.7251/SOCEN1306033V

World Health Organization Regional Office for Europe. (2021). *Prevention and control of COVID-19 in prisons and other places of detention.* https://www.euro.who.int/en/health-topics/health-determinants/prisons-and-health/focus-areas/prevention-and-control-of-covid-19-in-prisons-and-other-places-of-detention

Young, B. C., & Hay, C. (2020). All in the family: An examination of the predictors of visitation among committed juvenile offenders. Y*outh Violence and Juvenile Justice, 18*(1), 54–77. https://doi.org/10.1177/1541204019857123

Žižek, S. (2006). *How to read Lacan*. Granta. https://archive.org/details/howtoreadlacan0000zize/page/n5/mode/2up